
2

DepEd
DEPARTMENT OF EDUCATION

# MTB-MLE

## Unang Markahan – Modyul 17: Pagsasalita Tungkol sa Kilalang Tao, Lugar o Pangyayari Gamit ang Salitang Kilos at Salitang Naglalarawan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

CO_Q1_MTB2_Module 17

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**MTB-MLE – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 17: Pagsasalita Tungkol sa Kilalang Tao, Lugar o Pangyayari Gamit ang Salitang Kilos at Salitang Naglalarawan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Marlyn O. Maghanay |
| **Editor:** | Elena V. Almario, Nerissa D. De Jesus, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri:** | Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy, Arnold A. Montemayor |
| **Tagaguhit:** | Marlyn O. Maghanay |
| **Tagalapat:** | Cristina T. Fangon, Edeliza T. Manalaysay |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Merlinda T. Tablan, Ellen C. Macaraeg, Elena V. Almario |

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng ___________________**

**Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

# 2

# MTB-MLE

## Unang Markahan – Modyul 17: Pagsasalita Tungkol sa Kilalang Tao, Lugar o Pangyayari Gamit ang Salitang Kilos

## at Salitang Naglalarawan

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makapagsasalita tungkol sa mga kilalalang tao, lugar o pangyayari gamit ang salitang nagsasaad ng kilos at salitang naglalarawan.
MT2OL-Ig-h- 1.4

## *Subukin*

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang salitang naglalarawan at ang salitang kilos sa bawat pangungusap.

1. Malamig ang klima sa Baguio.
2. Namili kami ng mga gamit sa malaking mall.
3. Tayo ay mamasyal sa isla ng Boracay.
4. Tumakbo si Lydia de Vega sa Luneta.
5. Mataas ang krus sa Bundok Samat.

# Aralin 1 — Pagsasalita Tungkol sa Kilalang Tao, Lugar o Pangyayari Gamit ang Salitang Kilos at Salitang Naglalarawan

Lubos mong mauunawaan ang isang teksto kung makikilala mo ang mga salitang ginamit dito. Maaaring ang mga salitang ginamit ay naglalarawan o nagsasaad ng kilos.

## *Balikan*

**Panuto:** Magbigay ng mga halimbawa ng ngalan ng tao, lugar, bagay, hayop at pangyayari na kilala sa inyong lugar.

| Tao | Lugar | Bagay | Hayop | Pangyayari |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |

## Tuklasin

**Panuto:** Basahin ang kuwento at unawain. Pansinin ang mga salitang may salangguhit.

### Ang Masayang Pamilya



Ang aming pamilya ay masaya. Lagi kaming nagtutulungan lalo na sa mga gawaing-bahay. May mga gawaing nakatalaga sa amin tulad ng pag-iigib, paglilinis ng bakuran, pagdidilig ng halaman at paglalaba katulong ni nanay. Sabay-sabay kaming kumakain at nagdarasal. Mabait ang aming ina at ama. Tuwing araw ng Linggo nagsisimba kami at sama-samang namamasyal sa malaking Mall. Pagkatapos, ay kumakain kami ng masarap na meryenda.

## *Suriin*

Ang kuwento na iyong binasa ay may mga ginamit na salitang kilos at salitang naglalarawan. Balikan mo muli ang kuwento, may makikita kang salitang may salungguhit. Ang mga salitang iyan ay nagpapahayag ng kilos at naglalarawan.

Titingnan ko kung naintindihan mo ang binasang kuwento. Bigkasin mo nga ang mga salitang may salungguhit na iyong nakita at isulat nang maayos sa sagutang papel.

| Salitang Kilos | Salitang Naglalarawan |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

*Mga Tala para sa Guro*

Ang aralin ito ay matututunan mong makapagsalita tungkol sa kilalang tao, lugar, o pangyayari gamit ang salitang nagsasaad ng kilos at salitang naglalarawan.

# *Pagyamanin*

## Pinatnubayang Pagsasanay 1

**Panuto:** Basahin ang mga pangungusap. Isulat ang mga salitang kilos at salitang naglalarawan tungkol sa kilalang tao, lugar at pangyayari.

1. Si Rosa ay magaling sa pag-awit.
2. Ang kapistahan ni San Jose ay dinaluhan ng maraming tao.
3. Kumain sa masarap na restoran si Ben.
4. Ang mga mag-aaral ay kumain sa **Wetland Park** kasáma ang kanilang mabait na gurò.
5. Natakot ang mahiyaing si Wena sa kumakalat na **COVID 19**.

## Pinatnubayang Pagtatasa 1

**Panuto:** Bigkasin ang salitang kilos ng bawat larawan at isulat sa sagutang papel ang salitang naglalarawan.



lumalangoy



naglalaro



tumatakbo



naglilinis



kumakanta

## Pinatnubayang Pagsasanay 2

**Panuto:** Isulat ang salitang naglalarawan at ang salitang kilos sa sagutang papel.

1. Ang Luneta ay magandang pasyalan.
2. Si Anna ay magaling pag-arte.
3. Nanood ako sa telebisyon ng mga pelikula.
4. Nalungkot ang mga tao sa pagsasara ng isang sinehan.
5. Nagbigay ng tulong sa mga tao ang mga opisyal ng barangay.

## Pinatnubayang Pagtatasa 2

**Panuto:** Isulat sa patlang ang **SN** kung ang salitang may salungguhit ay naglalarawan at **SK** kung ang salitang may salungguhit ay nagsasaad ng kilos.

____1. <u>Masipag</u> ang Mayor ng aming lungsod.

____2. <u>Nanatili</u> sa bahay ang mga tao dahil sa **COVID-19**.

____3. <u>Matiyaga</u> sa pagbabantay ang mga **frontliners**.

____4. Ang mga pulis ay ang <u>nagbabawal</u> sa mga taong lumabas.

____5. <u>Malaki</u> ang bahay ni Mang Martin.

## Malayang Pagsasanay 1

**Panuto:** Iangkop ang larawan sa hanay A sa mga salita sa hanay B. Isulat ang letra ng tamang sagot.

| A | B |
|---|---|
| 1.  | A. malinis |
| 2.  | B. magaling |
| 3.  | C. maayos |
| 4.  | D. matulin |
| 5.  | E. madami |

## Malayang Pagtatasa 1

**Panuto:** Basahin ang mga salitang kilos o salitang naglalarawan. Sumulat ng pangungusap tungkol sa kilalang tao, lugar at pangyayari.

1. nagbabasa
2. masipag
3. mataas
4. nagdarasal
5. malawak

## Malayang Pagsasanay 2

**Panuto:** Basahin nang wasto ang mga pangungusap. Isulat sa papel ang ginamit na salitang kilos o salitang naglalarawan.

1. Ang mga kabataan ay naglalaro ng basketbol.
2. Nagalit ang kapitan ng baranggay sa mga taong lumabag sa batas.
3. Mataas ang lipad ng Agila.
4. Ang simbahan ng Balanga ay malaki.
5. Lumalahok ang mga tao kapag may Alay-Lakad.

## Malayang Pagtatasa 2

**Panuto:** Kilalanin ang salitang kilos o salitang naglalarawan na ginamit sa pangungusap. Lagyan ng (✓) kung ito ay salitang kilos at (×) naman kung ito ay salitang naglalarawan.

______1. Madalas kaming manuod ng **Ms. Universe**.

______2. Namasyal kami sa Luneta Park noong Linggo.

______3. Si Jose Rizal ay mabait na anak.

______4. Kumakain kami ng gulay araw-araw.

______5. Mahusay na pintor si Juan Luna.



## *Isaisip*

Ang salitang kilos ay nagsasaad o nagpapakita ng __________ na ginagamit sa pagsasalita sa mga kilalang tao, lugar, o pangyayari.

Ang salitang naglalarawan ay ginagamit sa __________ ng tao, bagay, hayop, lugar at pangyayari lalo na kung nais nating ilarawan ang mga ito.

## *Isagawa*

**Panuto:** Tukuyin ang angkop na salitang naglalarawan at salitang kilos tungkol sa larawan. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 

## *Tayahin*

**Panuto:** Piliin ang letra ng salitang nagsasabi ng kilos o naglalarawan sa bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Si Noah ay gumawa ng isang malaking bangka.
   A B C

2. Namasyal ang mga bata sa Manila Zoo.
   A B C

3. Si Mother Theresa ay palaging tumutulong sa mahihirap.
   A B C

4. Mapalad ang taong naniniwala sa Diyos.
   A B C

5. Isulat ang iyong pangalan sa malinis na papel.
   A B C

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Sipiin ang salitang kilos o salitang naglalarawan na ginamit sa pangungusap.

1. Dumalo ang gobernador sa pagpupulong.
2. Mahusay ang mga mag-aaral sa ikalawang baitang.
3. Sa Lungsod ng Baguio ay malamig.
4. Mabango ang bulaklak na Sampaguita.
5. Matibay ang puno ng Narra.

# Susi sa Pagwawasto

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Subukin**<br>1.malamig<br>2.namili<br>3.mamasyal<br>4.tumakbo<br>5.mataas | **Balikan**<br>(Suriin at itama ang mga halimbawang ibinigay ng mga mag-aaral) | **Suriin**<br>**Salitang May Kilos**<br>1. pag-iigib<br>2. paglilinis<br>3. pagdidilig<br>4. kumakain<br>5. nagdarasal<br>6. nagsisimba<br>7. namamasyal<br>8. nagtutulungan<br>**Salitang Naglalarawan**<br>1. masaya<br>2. mabait<br>3. malaki<br>4. masarap | |
| Pagyamanin | | | |
| **Pinatnubayang Pagsasanay1**<br>1. magaling<br>2.dinaluhan<br>3.masarap<br>4.mabait<br>5.natakot | **Pinatnubayang Pagtatasa 1**<br>(Suriin at itama ang sinabi na salitang naglalarawan sa bawat larawan na may salitang kilos) | **Pinatnubayang Pagsasanay 2**<br>1. maganda<br>2. magaling<br>3. nanood<br>4. nalungkot<br>5. nagbigay | **Pinatnubayang Pagtatasa 2**<br>1. SN<br>2. SK<br>3. SN<br>4. SK<br>5. SN |
| **Malayang Pagsasanay 1**<br>1. D<br>2. A<br>3. C<br>4. B<br>5. E | **Malayang Pagtatasa 1**<br>(Suriin at itama ang binuong pangungusap na may salitang naglalarawan at salitang kilos) | **Malayang Pagsasanay 2**<br>1. naglalaro<br>2. nagalit<br>3. mataas<br>4. malaki<br>5. lumalahok | **Malayang Pagtatasa 2**<br>1. ✓<br>2. ✓<br>3. ×<br>4. ✓<br>5. × |
| **Isagawa**<br>(Suriin at pakinggan ang sagot ng mag-aaral) | **Tayahin**<br>1. B<br>2. A<br>3. C<br>4. A<br>5. A | **Karagdagang Gawain**<br>1. Dumalo<br>2. Mahusay<br>3. Malamig<br>4. Mabango<br>5. Matibay | |

# *Sanggunian*


Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Patnubay ng Guro sa Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Updates, News, Teaching Materials, Reading Articles, and Be Contributor. 2020. "Most Essential Learning Competencies (MELC) KG to Grade 12 SY 2020-2021". Deped Click. https://www.deped-click.com/2020/05/most-essential-learning-competencies.html.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph